ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LVI Blg. 16
Agosto 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Panagutin si Marcos sa madudugong krimen sa digma

Sukdulang kahangalan ang ginawang pagpapasinaya ni Marcos sa pagpupulong ng Asia-Pacific Regional Conference on International Humanitarian Law (IHL o internasyunal na makataong batas) sa Makati City noong Agosto 11–14. Sa harap ng kinatawan ng iba't ibang mga bansa, nagpanggap si Marcos na maamo at masunurin sa mga prinsipyo at alituntunin ng IHL. Garapalang nagsinungaling si Marcos para pagtakpan ang duguang rekord ng kanyang rehimen sa paghahasik ng terorismo ng estado at pagsusulong ng walang habas na digma laban sa bayan.


Habang idinadaos ang kumperensya sa Makati, nagpalipad ang Armed Forces of the Philippines (AFP) ng mga *jetfighter* noong madaling araw ng Agosto 13 at naghulog ng ilang 500-librang bomba sa prubinsya ng Bukidnon. Niyanig ng mga ito ang mga bundok at mga kalapit na komunidad ng mga Lumad at magsasaka sa Barangay Dumalaguing sa bayan ng Impasug-ong.

Ilang araw bago nito, mabibigat na bomba rin ang yumanig sa kalupaan ng Barangay San Isidro, sa Las Navas, Northern Samar, na inihulog ng AFP nang alas-2 ng umaga, hindi malayo sa komunidad ng mga katutubong Mamanwa sa lugar. Noon namang madaling araw ng Agosto 2, mabibigat na bomba rin ang inihulog ng AFP sa Barangay Maguibay sa Tagkawayan, Quezon, hindi malayo sa komunidad ng mga magsasaka.

Ang paghuhulog ng mabibigat na bomba mula sa ere ay tahasang paglapastangan ng pasistang rehimeng Marcos sa IHL. Tuwirang inilalagay nito sa peligro ang buhay ng mga sibilyan. Winawasak at nilalason nito ang lupa at kagubatang pinagkukunan ng kabuhayan at iba pang rekurso ng mga katutubo. Hatid nito'y malalim na troma at takot sa mga komunidad. Taliwas din ito sa batas na nagbabawal sa labis na mapamuksang mga sandatang nagdudulot ng malawak na pinsala.

Ang IHL o mga batas sa digmaan ay kulumpon ng mga alituntunin at protokol sa kondukta ng armadong sigalot. Nakatuon ang mga ito pangunahin sa paggalang sa mga karapatan, at pangangalaga sa kapakanan at kagalingan ng mga taong hindi kalahok o hindi na kalahok sa labanan: mga sibilyan, gayundin ang mga sugatan, may sakit at mga bihag sa digma na pawang wala na sa katayuang lumaban.

Liban sa paghuhulog ng bomba, labag din sa mga batas ng digmaan ang marahas na pagkontrol ng AFP sa mga sibilyang komunidad, pagboblokeyo sa pagkain at komersyo, pwersahang pagpapalikas at konsentrasyon sa mga *evacuation center*, pagdeklarang "no man's land" sa kanilang mga barangay, pagbabawal na magtrabaho sa bukid at kaingin, pagkakarpyu, pwersahang pagrekrut sa CAFGU, pagpapatrabaho sa mga tao (kabi-



lang ang pag-iigib ng tubig) na walang karampatang bayad, paggamit ng imprastrukturang sibilyan at iba pang hakbangin ng pagpapataw ng kapangyarihan ng militar.

Sa tangkang pigilan ang mamamayan na magbuklod, magpahayag ng kanilang hinaing at lumaban, ipinapataw ng AFP ang batas militar sa mga barangay at komunidad. Walang habas ang paglabag sa mga demokratikong karapatan. Binubuwag ng militar ang sariling mga organisasyon ng taumbaryo, pwersahan silang "pinagsusurender," at sinisindak upang sumapi sa mga organisasyong itinatayo ng AFP. Ang sumusuway sa utos ng AFP ay itinuturing na sumusuporta sa BHB at pinupuntirya ng walang katapusang pambabanta at target ng pamamaslang. Mula nang maupo si Marcos, kaliwa't kanan ang pagpaslang at pagmasaker ng AFP sa mga sibilyan, at pagkatapos ay bibihisan ang mga bangkay at palalabasing mga mandirigma ng BHB.

Tahasang pagyurak din sa mga batas ng digmaan ang sadyang pagpatay sa mga rebolusyonaryo at mga *hors de combat* (mga mandirigma na wala na sa katayuang lumaban). Kabilang sa mga biktima ang mag-asawang Benito Tiamzon at Wilma Austria at pito nilang kasamahan. Dinakip sila habang bumibiyahe sa Catbalogan, Northern Samar, isinailalim sa tortyur bago pinaslang at tuluyang pinasabog ang mga bangkay sa gitna ng dagat. Mula nang maupo si Marcos noong 2022, halos 80 nang mga nabihag ng kanyang mga armadong galamay ang brutal na pinatay. Hindi rin iilan ang dinakip, iligal na ikinulong sa mga sikretong kulungan sa mga kampo militar sa tangkang pabaligtarin sila sa kanilang paniniwala.

Ang lahat ng kahindik-hindik na krimeng ito ni Marcos sa ilalim ng IHL ay ipinag-utos niya sa kanyang mga upisyal at pasistang galamay sa militar at pulis. Nagsisilbi ang lahat ng ito sa imbing layunin na durugin ang armado at hindi armadong paglaban ng sambayanang Pilipino. Ang kamakailang deklarasyon ni Marcos na "wala nang grupong gerilya" sa Pilipinas ay hudyat ng lalong madugong kampanya ng panunupil laban sa sambayanan, at ng mas malalala pang krimen.

Inuudyok, pinopondohan at inaarmasan ng imperyalistang US ang madugong gerang ito ng paglipol sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Kumikita ng malaki ang imperyalismong US sa pagsuplay nito ng malalaking bomba, mga bala ng kanyon, mga *jetfighter*, pang-atakeng helikopter, *drone* at iba pang sandata at kagamitang militar. Pakay ng US na durugin ang lahat ng pwersang patriyotiko at progresibo upang "tahimik" at walang pagtutol na makapangamkam ng lupa at makadambong sa likas na yaman ng bansa ang mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan, at upang maitatag nito ang kapangyarihang militar sa bansa.

Duguan ang mga kamay ni Marcos sa dami ng kanyang krimen sa mga batas ng digmaan. Hindi mapagtatakpan ng kanyang mga buladas ang kaliwa't kanang malalalang kaso ng pag-abusong militar at paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Dapat gawin ang lahat ng makakaya upang panagutin si Marcos at ang kanyang mga alipures, at ipaglaban ang katarungan para sa lahat ng biktima ng kanilang kalapastanganan.

Ang pagsidhi ng pasistang pananalasa ng rehimeng US-Marcos ay salamin ng lumulubhang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Para panatilihin at ipagtanggol ang mapang-api at mapagsamantalang sistema, sabayang ginagamit ng naghaharing rehimen ang marahas na panunupil at panlilinlang sa tangkang sugpuin ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa rebolusyonaryong pagbabago.

Subalit kahit gaanupaman katindi at kalawak ang kalupitang inihahasik ng rehimeng US-Marcos, babangon at babangon ang bayan upang ipagtanggol ang kanilang kagalingan, mga karapatan, buhay at kabuhayan. Sa pamumuno ng Partido, at kaagapay ang Bagong Hukbong Bayan, hindi matitinag ang bayan sa kanilang paglaban. Hindi kailanman mauupos ang kanilang determinasyon na isulong ang pakikibaka para sa pambansang demokrasya. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 16 | Agosto 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Panagutin si Marcos sa madudugong krimen sa digma 1
Marcos, AFP, napahiya sa mga aksyon ng BHB 3
Mga protesta 3
Negosasyon sa bagong CBA, naisara ng 2 unyon 3
Hors de combat sa Mindoro, sadyang pinaslang 4
Itigil ang henosidyo sa Palestine 4
Decommissioning ng BIAF, ipinatigil ng MILF 4
Pagbasura sa mga kaso 5
Badyet 2026: Korapsyon at pasismo 6
Tumitinding agresyon ng mga plantasyon 7
Sa madaling salita 8
Tuwirang pagsakop ng US-Israel sa buong Gaza 9
Mamamayang Korean laban sa imperyalismong US 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Marcos at AFP, napahiya sa sunud-sunod na armadong aksyon ng BHB

MALAKING SAMPAL SA mukha ng rehimeng US-Marcos at mga upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang sunud-sunod na armadong aksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ilang mga prubinsya sa bansa. Kasunod ito ng pahayag ng rehimen na "wala nang grupong gerilya" noong Hulyo sa ika-4 na SONA.

Noong Agosto 12, tatlong sundalo kabilang ang isang kapitan ng 1st Scout Ranger Regiment sa ilalim ng 203rd IBde ang napatay sa ikalawang labanan sa araw na iyon ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) at militar sa Barangay Lantuyang 2, Baco, Oriental Mindoro. Nabaril sa ulo at kaagad namatay ang lider ng yunit na si Capt. Marky John Alberto. Tatlong pasistang sundalo pa ang nasugatan.

Ilang araw bago nito, isang sundalo ng 203rd IBde ang napatay ng BHB-Mindoro sa aktibong depensa laban sa umaatakeng yunit ng kaaway sa Barangay Mangangan 2 sa Baco noong Agosto 9 ng umaga.

Sa Quezon, pinaulanan ng bala ng isang yunit ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command) ang isang bagong tayong kampo militar ng 85th IB sa Barangay Cogorin Ibaba, Lopez noong Agosto 2. Isinagawa ng yunit ang panghaharas ng alas-7:30 ng gabi.

Ikinatuwa ng mamamayan ng Quezon ang pag-atake dahil nais nilang panagutin sa mga krimen ang berdugong batalyon at mabigyan ng hustisya ang kanilang mga biktimang magsasaka.

Sa Capiz, binigo ng BHB-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr Command) ang pag-atake ng 12th IB laban sa isa nitong yunit sa hangganan ng Barangay Artuz at Barangay Apero sa bayan ng Tapaz noong Hulyo 19. Aktibong nakapagtanggol ang hukbong bayan laban sa tropa ng militar sa pamamagitan ng maagap na paghahanda at paglunsad ng kontra-atake.

"Sa gulat ng militar, parang mga asong ulol sila sa kanilang walang patumanggang pagpapaputok," ayon sa BHB-Central Panay. Para pagtakpan ang kanilang pagkatalo, naghabi ng kwento ang 12th IB, kasama ang 3rd ID, ng gawa-gawa nilang tagumpay laban sa BHB.



Itaguyod ang IHL, papanagutin si Marcos. Daan-daan ang nagmartsa tungong Mendiola sa Maynila noong Agosto 19 para gunitain ang ika-76 na anibersaryo ng International Humanitarian Law (IHL) at panagutin ang rehimeng US-Marcos sa seryosong paglabag nito sa naturang mga panuntunan. Kinundena rin nila ang National Action Plan for Unity, Peace and Development (NAP-UPD) ng rehimen na tinawag nilang "pambansang plano para sa terorismo ng estado."

Noong Agosto 13, sinugod ng mga progresibong grupo ang Asia-Pacific Regional Conference on IHL na noo'y ginaganap sa Makati City. Kinundena nila ang pangunguna sa kumperensya ng rehimeng Marcos na tinawag nilang numero unong tagalabag ng IHL sa bansa. Isang araw bago nito, nagtipon ang mga estudyante sa UP Diliman para gunitain ang Araw ng IHL at ilantad ang seryosong paglabag ng rehimeng Marcos dito, kabilang sa mga katutubong mamamayan.

Baligtarin ang desisyon. Tumungo ang mga progresibong organisasyon sa Korte Suprema noong Agosto 12 para igiit na baligtarin nito ang desisyon na nagbasura sa *impeachment complaint* laban kay Sara Duterte na ipinasa ng Kongreso sa Senado.

Laban sa demolisyon sa Smokey Mountain. Nagprotesta sa harap ng Manila City Hall ang mga residente ng Smokey Mountain noong Agosto 18 para igiit sa alkalde ng syudad na si Isko Moreno na makipagdayalogo sa kanila dahil sa mga banta ng pagpapalayas sa kanilang komunidad. Isinasagawa ang demolisyon para sa 100 *megawatt* na Waste-to-Energy (WTE) Incineration Plant na itatayo sa lugar.

Negosasyon sa bagong CBA, naisara ng 2 unyon

DALAWANG UNYON ANG matagumpay na nagpinal ng kani-kanilang *collective bargaining agreement* (CBA) noong Hulyo at Agosto.

Inianunsyo ng Unyon ng mga Panadero sa Gardenia Bakeries Philippines Inc. (UPGBPI-OLALIA-KMU) ang tagumpay sa kanilang pakikipagnegosasyon para sa bagong CBA noong Hulyo 18.

Nakamit ng unyon ang ₱70 dagdag sahod kada taon para sa susunod na tatlong taon, dagdag na ₱0.50 sa *seniority pay*, ₱20,000 *signing bonus*, ₱7,500 na *lump sum*, ₱80 *meal allowance* na may dagdag na ₱35 kapag obertaym, at dagdag na "leave credits" para sa mga manggagawang mahigit 15 taon na sa pabrika.

Naitulak din ng unyon ang maneydsment na ibigay sa mga manggagawa ang dagdag na sahod (*retroactive*) para sa mga buwan ng Oktubre 2024 hanggang Hunyo ngayong taon.

Samantala, inanunsyo noong Agosto 13 ng University Hotel Worker's Union-KMU NCR na napirmahan din ang bagong CBA sa pagitan nito at ng maneydsment ng hotel sa loob ng University of the Phillipines-Diliman sa Quezon City.

Ilan sa napagtagumpayan pa sa CBA ang dagdag benepisyo at alawans na makatutulong sa pang-araw-araw na pangangailangan ng manggagawa.

Hors de combat sa Mindoro, sadyang pinaslang

Dinakip at sadyang pinaslang ng mga elemento ng 1st IB at 203rd IBde si Ising Domingo (Ka Mutya), isang *hors de combat* na Pulang mandirigma, noong Agosto 7 sa Barangay Happy Valley, Roxas, Oriental Mindoro. Nag-iigib siya ng tubig nang nadakip at ipinailalim sa tortyur nang walang makuhang impormasyon sa kanya ang mga berdugo.

Sa kamay ng parehong yunit ng militar, dumanas ng panggigipit at panghaharas ang grupo ng Karapatan-Southern Tagalog na naglunsad ng independyenteng *fact-finding mission* sa bayan ng Roxas noong Agosto 9-11. Tinakot at hinaras ng mga sundalo ang tahimik na protesta at piket ng tim sa harap ng punerarya kung saan nakalagak ang bangkay ng mga napaslang.

Kasunod nito, naitala ng grupo ang pagnanakaw at pagtatakbo ng mga sundalo ng 203rd IBde sa mga bangkay nina Ka Mutya, at isa pang Pulang mandirigma na napatay sa labanan na si Jomari Palomar (Ka Jonnel), sa kalagitnaan ng gabi. Nalantad din sa imbestigasyon ang pagkubabaw ng paghaharing militar sa sibilyang gubyerno ng Roxas.

Noong nakaraang linggo, sapilitang pinalikas ng mga sundalo ang higit 1,000 pamilya mula sa mga barangay ng Lantuyang, San Ignacio, Bayanan, at Bangkatan sa Baco, Oriental Mindoro. Isinagawa ito ng militar para i-sona ang mga residente kasunod ng mga labanan sa BHB noong Agosto 9 at Agosto 12 sa Baco. Pinerwisyo at niligalig nito ang araw-araw na buhay ng masa.

Pambobomba. Noong Agosto 2, nagsagawa ng *aerial bombing* at pag-istraping ang 201st IBde sa kagubatang hangganan ng Tagkawayan, Quezon at Labo, Camarines Norte. Tugon ito ng militar sa naganap na engkwentro sa BHB noong umaga ng araw na iyon. Lubhang ginambala ng pambobomba ng AFP ang payapang komunidad ng mga residente.

Dumanas ng panggigipit mula sa pulis at militar ang grupo ng Tanggol Quezon na nagsagawa ng *fact-finding mission* kaugnay ng mga pambobomba ng militar sa prubinsya. Nilayon nilang alamin ang kalagayan ng sibilyang populasyon sa harap ng pinabagsik na operasyong kombat at paghaharing militar.

Pagdakip. Sa walang malinaw na dahilan, dinakip ng 77th IB ang mga magsasakang sina Belmar Garvida at Ferdinand Bangngad (Willy) sa Sityo Salicsic, Barangay Dampig, Pagudpud, Ilocos Norte noong Agosto 11 ng gabi. Makalipas ang ilang oras, ibinalik ng mga sundalo sa komunidad si Garyida habang naiwan sa kustodiya ng militar si Bangngad. Madalas na dumaranas ng pagmamanman, panggigipit at intimidasyon ang mga biktima at ang tribo sa lugar dahil sa kanilang paninindigan laban sa proyektong Cabacanan Dam. AB

Itigil ang henosidyo sa Palestine

MAGKAHIWALAY NA MGA protesta ang inilunsad ng mga grupong Moro at Pilipino para mahigpit na kundenahin ang pagtindi ng henosidyo ng US-Israel sa Gaza nitong nagdaang mga linggo at ipanawagan ang agarang pagtigil ng mga atake, igiit ang pagpapapasok ng ayuda at kalayaan para sa mga Palestino.

Noong Agosto 15, umabot sa 1,300 Moro sa Marawi City para sa isang "mapayapang pakikipagkaisa at demonstrasyong masa para sa Gaza." Nagmartsa sila mula Masjed Bato tungong Sarimanok Stadium sa Ground Zero ng syudad, ang lugar na pinulbos ng matinding pambobomba ng rehimeng Duterte at Armed Forces of the Philippines (AFP) noong 2017. Inihalintulad nila ang pagwasak ng AFP sa kanilang syudad sa ginagawang pambobomba ngayon ng pwersang US-Israel sa Gaza. Bago nito, nagkaroon ng "walk for peace" sa syudad noong Agosto 9.

Noon ding Agosto 9, nagsagawa ng *indignation rally* ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), Moro-Christian Peoples Alliance at Philippine-Palestine Friendship Association sa Quezon City para kundenahin ang pagpasa ng gabinete ng Israel ng desisyon para tuwiran nang sakupin ng militar nito ang Gaza.

Noon namang Agosto 13, nagprotesta ang mga mamamahayag, grupong kabataan at midya sa loob ng University of the Philippines sa Diliman, Quezon City para kundenahin ang panibagong kaso ng pamamaslang ng US-Israel sa mamamahayag sa Palestine.

Mga mandirigma ng MILF, inatasang huwag pumaloob sa *decommissioning* ng GRP

INATASAN NG Moro Islamic Liberato Front (MILF) ang lahat ng mga mandirigma ng Bangsamoro Islamic Armed Forces at iba pang ahensya na mahigpit na tumalima sa resolusyon ng Komite Sentral ng MILF na nagsuspinde sa implementasyon ng proseso ng pag-dekomisyon ng BIAF. Naglabas ito ng bagong memorandum noong Agosto 16 kung saan inutos nito sa lahat ng kumander at pangalawang kumander ng larangan, pinuno ng ibang ahensya at kanilang mga kinatawan na huwag lumahok sa anumang aktibidad para sa *decommisioning* o normalisasyon na *unilateral* na inorganisa ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) nang walang naunang nakasulat na pahintulot o awtorisasyon mula sa tagapangulo ng MILF.

Babala ng kautusan, ang hindi pagsunod ay ituturing na "seryosong paglabag sa disiplina ng kumand" at sinumang di tatalima ay posibleng mahaharap sa aksyong administratibo at pandisiplina. Isinuspinde ng MILF ang proseso ng *decommissioning* dahil sa kapalpakan ng GRP na tuparin ang maraming probisyon na dapat kasabay nito.

Gawa-gawang mga kaso laban sa mga bilanggong pulitikal, sunud-sunod na ibinasura

Nitong nagdaang mga linggo, sunud-sunod ang pagbabasura sa gawa-gawang mga kaso laban sa 18 bilanggong pulitikal. Pito sa kanila ang nakalaya na. Pinatunayan nito na ang kinaharap nilang mga kaso ay gawa-gawa at walang batayan. Layon lamang nitong gipitin at matagalan silang imbimbin sa mga kulungan.

Noong Agosto 14, nakalaya ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Renante Gamara at mga manggagawa at aktibistang sina Diony Borre at Raul Razo. Kasunod ito ng pagwawalang-sala sa kanila, kasama ang dalawang iba pa na sina Tirso Alcantara, konsultant ng NDFP, at organisador ng magsasaka na si Dionisio Almonte, sa mga kasong *kidnapping* na may kaugnay na pagpaslang at bigong pagpaslang. Pinararatangan silang sangkot sa pagkidnap at pagpaslang sa isang sundalo at bigong pagpaslang sa isang "dating rebelde" sa Mauban, Quezon na naganap noong Mayo 2007.

Noon ding Agosto 14, nakalaya sina dating UP Student Regent Desiree Jaranilla-Patun-og at organisador ng magsasaka na si Maria Theresa Buscayno matapos ibasura ng korte ang kasong *illegal possession of firearms and explosives* na isinampa sa kanila at kina Andres Ely at Oliver Millo. Sila ang tinatawag na Mexico 4. Ibinasura ang kaso dahil sa kawalan ng sapat na ebidensya. Nananatiling nakakulong sina Millo at Ely dahil sa mga kasong kinahaharap pa sa mga korte sa Nueva Ecija at Zambales.

Noong Agosto 6, ipinawalang-sala ng isang korte sa Taguig City ang kaso ng *illegal possession of firearms and ammunition* laban sa limang bilanggong pulitikal na tinaguriang Sta. Cruz 5. Ang lima ay kinabibilangan ng konsultant ng NDFP na si Adelberto Silva, Ireneo Atadero, Hedda Calderon, Edisel Legaspi at Julio Lusiana. Ayon sa korte, hindi sapat ang ebidensya at kaduda-duda ang pamamaraan ng pagkuha ng "ebidensya" laban sa kanila. Nakalaya na sina Atadero at Lusiana, habang nauna nang nakapagpyansa si Calderon noong Hunyo 2019. Mananatiling nakakulong sina Silva at Legaspi sa iba pang kinahaharap na kasong pagpatay.


Noon ding Agosto 6, naglabas ng desisyon ang isang korte sa Don Carlos, Bukidnon para sa "provisional dismissal" ng kasong tangkang pagpatay at pagpatay laban kay Charisse "Chaba" Bañez at Arjie Dadizon, dalawa sa Agusan 6. Kaugnay ang kaso sa isang sinasabing engkwentro sa pagitan ng BHB at militar noong 2022. Naiulat din ngayong buwan ang "provisional dismissal" sa kasong *attempted homicide* laban kay Louvaine Espina sa Davao Oriental. Liban kina Bañez, Dadizon at Espina, binubuo ang Agusan 6 nina Ronnie Igloria, Larry Montero at Grace "Nik-nik" Man-aning. Bumibyahe sila noong Hunyo 13 mula sa Monkayo sa Davao De Oro nang harangin ang kanilang sasakyan sa isang tsekpoynt at hinuli.

Noong Agosto 4, ibinasura ng korte sa Cagayan ang kasong bigong pagpaslang laban kay Myrna Cruz-Abraham. Inaresto si Abraham noong Enero 27 habang kasama ang kanyang pamilya sa isang *mall* sa San Miguel, Bulacan. Nakalaya siya isang linggo matapos magpyansa.

Sa isang resolusyon noong Mayo 29, ibinasura ng Department of Justice ang asuntong "terrorism financing" na isinampa ng mga pwersa ng estado laban kay Myrna Zapanta. Si Zapanta ay isang taong-simbahan at tagapagtaguyod ng karapatan ng mga magsasaka. Walang sapat na ebidensyang nagpapatunay sa paratang na nagpopondo siya sa BHB.

Tagumpay din para sa mga bilanggong pulitikal ang pagtanggal sa abusadong warden ng Tacloban City Jail na si J/Insp Eva Naputo noong Agosto 16. Inireklamo si Naputo ng Altermidya Network at iba pang grupo dahil sa kanyang pag-abuso sa mga bilanggo, laluna kontra sa tinaguriang Tacloban 5 na kinabibilangan ng mamamahayag na si Frenchie Mae Cumpio, at taong-simbahan na si Marielle Domequil.

Sa harap ng ilang ligal na tagumpay na ito, patuloy ang panawagan para palayain ang higit 700 bilanggong pulitikal sa bansa na dumaranas ng lubhang matagal na detensyon dahil sa mabagal na pag-usad ng mga pagdinig sa reaksyunaryong korte at mga taktika ng pag-antala ng rehimeng Marcos at armadong pwersa nito. AB




Badyet 2026: Badyet pambayad-utang, para sa korapsyon at pasismo

Walang pinag-iba ang layunin at diin ng pambansang badyet para sa 2026 sa badyet ng nakaraang mga taon. Nakatuon pa rin ito sa pagbabayad ng utang, pagbubundat sa mga burukrata-kapitalista at kasabwat nilang mga burgesyang kumprador, at pagwawaldas sa dambuhalang pasistang makinarya ng estado.

Sa halagang ₱6.79 trilyon, mas malaki nang 7.4% ang isinumiteng 2026 National Expenditure Program ni Ferdinand Marcos Jr kumpara sa badyet sa 2025. Pinakamalaking tipak nito, o mahigit ₱2 trilyon, ay pambayad-utang. Ang ₱950 bilyon nito ay para lamang sa interes, na mas mataas nang ₱102 bilyon kumpara sa kasalukuyang taon. Nasa ₱1.1 trilyon naman ang nakalaang bayad para sa prinsipal na utang. Sa ilalim ni Marcos, nadagdagan ng ₱3.26 trilyon ang utang ng Pilipinas, na nasa ₱17.27 trilyon na noong Hunyo. Malala pa, mangungutang na naman si Marcos ng ₱2.68 trilyon para punan ang depisit o kakulangan sa badyet.

Tulad sa nakaraan, malaking bahagi ng badyet, o ₱1.56 trilyon, ay para sa mga engrandeng proyektong imprastruktura, karamihan mga kalsada at sistema ng transportasyon. Nakapailalim ang mga proyektong ito sa programang Public-Private Partnership, na ngayon ay bahagi na rin ang Luzon Economic Corridor na nakatakdang tutustusan ng mga utang mula sa US at Japan. Dala ng grandyosong mga proyektong ito ang malawakang pagpapalayas, pag-agaw sa kabuhayan at pagwasak sa kapaligiran.



Bahagi din ng badyet pang-imprastruktura ang ₱274.9 bilyong para sa mga proyektong "flood control." Taliwas sa buladas ni Marcos na "mahiya naman" ang mga sangkot sa palpak na mga proyektong ito, patuloy niyang binubuhusan ang mga ito ng pondo. Mula 2022 hanggang 2025, naglaan si Marcos ng ₱545 bilyon para rito.

Ipinagmamayabang ng rehimen ang pagtaas sa pondo para sa edukasyon, kalusugan at pabahay, subalit kulang na kulang pa rin ito para sa pangangailangan ng sektor. Tumaas nang 18.9% tungong ₱928.52 bilyon ang badyet ng Department of Education , pero halos para lamang ito sa isahang dagdag alawans na ipinaglaban ng mga guro (mula ₱5,000 tungong ₱10,000). Walang dagdag na badyet para itaas ang kanilang sweldo sa nakabubuhay na antas, sa konstruksyon ng bagong mga klasrum, dagdag na guro at personel—mga itinuturing na salik sa mababang kalidad ng edukasyon at pahirap sa mga guro, magulang at estudyante. Kulang na kulang ang badyet para tustusan ang libreng edukasyon sa kolehiyo.

Samantala, tumaas nang 87.9% ang badyet ng Department of National Defense kumpara sa higit ₱378.89 bilyon sa kasalukuyang taon tungong ₱430.9 bilyon sa 2026. Halos 200% mas malaki ito sa badyet na ₱221.6 bilyon noong 2022. Sa halip na palakihin ang pondo para sa mga batayang serbisyo, lulustayin na naman ang pondo sa Armed Forces of the Philippines sa pagkukumpuni ng mga kampo militar para sa gamit ng mga Amerikanong tropa at pagbili ng mga gamit at sasakyang pandigma. Alinsunod ito sa estratehikong plano ng US na gamitin ang AFP sa pinaghahandaan nitong gera laban sa kapwa imperyalistang China.

Hindi binuwag, kundi lalupang pinalakas ng rehimen ang NTF-Elcac na nilaanan nito ng ₱8.1 bilyong pondo para tugunan ang ₱10 milyon kada "cleared" na baryo sa ilalim ng Barangay Development Program o BDP. Mas malaki ito nang 314% sa inilaan sa ahensya sa 2025. Sadyang ibinaba ang alokasyon ng ahensya sa 2025 matapos malantad sa pagdinig sa Kongreso na wala ni isa sa 885 proyektong ipinailalim sa BDP ang nakumpleto noong 2024. Laganap ang mga ulat kaugnay sa hindi tapos na mga daan at di angkop na mga proyektong pangkabuhayan ng BDP. Ang malala, ginamit ng militar ang programa para isailalim sa pagsosona ang mga barangay, pwersahing "sumuko" ang mga residente, ipitin ang kanilang kabuhayan at supilin ang kanilang mga karapatan.

Hindi nagpahuli si Marcos sa hatian ng kaban ng bayan. Naglaan siya para sa sarili ng ₱4.6 bilyon na *confidential and intelligence fund* (CIF), kalahati sa kabuuang CIF na nakapaloob sa badyet. Naglaan rin siya ng ₱1 bilyon para sa mga byahe sa labas ng bansa para sa kanya, kanyang pamilya at mga alipures. AB

Tumitinding agresyon ng mga plantasyong komersyal sa ilalim ng rehimeng US-Marcos

Walang habas ang pagpapalawak ng mga plantasyong komersyal sa ilalim ng rehimeng US-Marcos na umaagaw sa lupa at kabuhayan ng mga magsasaka, manggagawang-bukid at mga katutubo sa iba't ibang panig ng bansa.

Noong Agosto 3, inanunsyo ng Department of Agriculture (DA) ang pagbuo ng Joint Memorundum Circular na kinabibilangan ng 38 pambansang ahensya ng gubyerno upang pabilisin ang pag-apruba sa mga tinaguriang estratehikong pamumuhunan sa sektor ng agrikultura at pangingisda. Nakatuon ang DA sa pagpaparami ng ineeksport na produkto na mataas ang halaga tulad ng *palm oil*, saging, pinya, kakaw, kape, kawayan, goma at iba pa, at pagpapalawak ng mga lupaing maaaring sakupin ng mga korporasyon para sa kanilang plantasyon sa pamamagitan ng "industry road maps" o plano sa pag-papaunlad sa produksyon.

Matapos pirmahan ni Marcos ang bagong batas na magpapahintulot sa 99-taong pagpapa-upa ng lupa sa mga dayuhang korporasyon, tiyak na mas dadami pa ang mga plantasyong itatayo sa bansa. Lalong mawawalan ng seguridad sa pagkain ang bansa bunga ng paliit nang paliit na nailalaan para sa produksyon ng palay, gulay at iba pang pagkain, dagdag pa sa malawakang pagpapalit-gamit ng lupa para sa *real estate* at engrande at maka-dayuhang imprastruktura.

Agresibong inaagawan at pinagkakaitan ang mga magsasaka at katutubo ng lupang matatamnan. Marami sa kanila ay natataboy sa mga liblib at napupwersang pumasok sa iba't ibang hanapbuhay. Ang iba ay ginagawang kontraktwal na manggagawa ng mga korporasyong kumakamkam sa kanilang lupa. Kabilang ang mga manggagawa sa mga plantasyon sa tumatang-gap ng pinakamababang sahod.

Paglawak ng mga plantasyon

Ang Pilipinas ang ikatlong pinakamalaking taga-eksport ng saging sa mundo. Nasa 450,000 ektarya ang kabuuang plantasyon ng saging sa bansa. Pinakamalaki sa mga ito ang Dole Philippines na may 20,000 ektaryang plantasyon sa Davao at Bukidnon. May plano itong palawakin nang 12,000 ektarya ang plantasyon nito sa susunod na panahon. Ang iba pang malalaking plantasyon ay ang sa Tagum Agricultural Development Company sa Panabo, Davao City, Sumifru Corp., Lapanday Foods Corp. at Unifrutti Tropical Philippines. Sa Davao, kung saan naroon ang mayorya ng mga plantasyon, nasa ₱476/araw ang karaniwang sahod ng manggagawang-bukid.

Noong Hulyo, inanunsyo ng Phividec na ipauupa nito sa Del Monte Phil. Inc. (DMPI) ang 226.4 ektaryang lupain sa *special economic zone* sa Misamis Oriental, na nakakategorya para sa gamit industriyal. Planong gawing plantasyon ng pinya at papaya ang lupa.



Maliban pa dito, may 30,000 ektaryang plantasyon ng pinya ang DMPI sa Bukidnon at Misamis Oriental na tinaguriang pinakalamaking plantasyon sa buong mundo. Sa kabila ng dambuhalang kita ng kumpanya, nasa ₱461/araw lamang ang sahod ng mga manggagawa sa plantasyon.

Aabot sa 1,000 pamilya ang mapapalayas at 1,000 magsasaka ang mawawalan ng hanapbuhay dahil sa pagtayo ng 6,000 ektaryang plantasyon ng *oil palm* ng kumpanyang Consunji at Hacienda Asia Plantations. Inc. sa Candoni, Negros Occidental. Nasa ₱488/araw ang miminum na sahod ng mangagawang-bukid sa plantasyon. Sa tala ng estado noong 2022, nasa 63,380.85 ektarya ang kabuuang lawak ng plantasyon ng *oil palm* sa bansa, plano ng DA na palawakin pa ang saklaw nito tungong 117,212 ektarya sa taong 2033.

Liban sa mga ito, nakatakda ring palawakin ang mga komersyal na plantasyon sa kape at kakaw sa SOCCSKSARGEN, Davao, at BARMM; at mangga sa Pangasinan, Isabela, Pampanga, Cebu City, at Zamboanga City.

Bilyun-bilyong dolyar ang iniuuwing kita ng mga dayuhang korporasyong may-ari ng mga plantasyon sa Pilipinas. Wala itong pakialam sa idinudulot nitong matinding pagkasira ng kalikasan. Ang malawakan at walang rendang paggamit ng mga kemikal na pestisidyo at pataba ay lumalason sa lupa at katubigan, at nagdudulot ng matitinding sakit sa mga manggagawang-bukid at kanilang pamilya.

Kapag inabandona, ang mga plantasyon ay hindi na matamnan dulot ng ilang dekadang paggamit ng kemikal na pestisidyo at pataba. Inaabot ng dekada bago muling mapakinabangan o bumalik sa dating sigla ang mga lupaing ginawang plantasyon. AB





78 mga rebolusyonaryong wala nang kakayahang lumaban ang sadyang pinatay habang hawak na ng mga armadong galamay ni Ferdinand Marcos Jr.

88%

ang itinaas ng kita ng **Nickel Asia Corporation** sa unang hati ng 2025. Ito ang kumpanyang nagpapatakbo ng pinakamapaminsalang mga minahan sa bansa tulad ng Rio Tuba Nickel Mining sa Palawan, Altai Philippines Mining Corporation sa Sibuyan Island at pagmimina sa Hinatuan Island.

₱15,862.50

kada buwan ang bawas sa kita ng mga drayber ng dyip dahil sa sobrang taas na presyo ng langis.



₱5.3 B

ang kinita ng **Petron** sa unang hati pa lamang ng 2025 mula sa walang ampat na pagtataas nito ng presyo ng langis.



Cypermethrin

ang **sanhi ng pagkalason** sa 268 estudyante sa Sibalom, Antique noong Hulyo. Sa kabila na isa ito sa pinakamabagsik na pestisidyo, patuloy ang malawakang gamit nito sa Pilipinas.

Agosto 14

Pandaigdigang Araw ng Pag-alaala para sa mga **Comfort Women**, kung saan patuloy na ipinanawagan ang hustisya at pananagutan para sa libu-libong kababaihang ginawang aliping sekswal ng mga pwersang Japanese noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



87

ospital lamang sa buong bansa ang saklaw ng ipinagmamayabang ni Marcos na programang **"zero billing"** (walang bayad), na para lamang sa mga pasyenteng nasa *ward*.



Tuwirang pagsakop ng US-Israel sa buong Gaza, paglipol sa mamamayang Palestino

Nitong Agosto, idineklara ng Zionistang estado ng Israel ang balak na tuwiran nang sakupin ang buong Gaza Strip, matapos ang halos dalawang taon nitong pambobomba sa isang brutal na henosidyo laban sa mga Palestino. Pinagtibay ang plano sa pulong ng gabinete ni Benjamin Netanyahu noong Agosto 7-8. Ilang linggo bago nito, nanawagan rin ang parlamento ng Israel na sakupin ang buong West Bank.

Ang mga hakbang na ito ay panibagong antas ng pagtindi ng henosidyo ng US-Israel na may layuning lipulin ang mamamayang Palestino.

Itinutulak ni Netanyahu ang pagsakop ng Israel sa Gaza sa gitna ng tumitinding galit ng mamamayang Israeli laban sa kanyang gubyerno, dahil sa kabiguang mabawi ang mga bihag ng Palestinong grupong Hamas, at dahil sa brutalidad laban sa mga Palestino. Sunud-sunod ang malalaking protesta, habang dumarami ang mga kabataang Israeli na tumatangging pumasok sa militar bilang protesta sa ginagawa nitong henosidyo.


Lubhang kinamumuhian na ng napakaraming bansa at mamamayan ang Zionistang rehimen. Mula nang paigtingin nito ang kampanyang henosidyo, walang lubay ang mga pagkilos at aksyon ng milyun-milyong mamamayan sa buong mundo na tumitindig para sa pagpapalaya ng Palestine.

Halos 90% na ng teritoryo ng Gaza ang kontrolado ng mga pwersa ng Israel. Ang natitira na lamang ay ang Gaza City at mga *refugee camp* sa gitnang Gaza. Nakasiksik ang dalawang milyong Palestino sa mga lugar na ito kung saan dumaranas sila ng araw-araw na pambobomba at pananalakay, matinding gutom at kahirapan.

Alinsunod sa plano, bibigyan ang mga Palestino nang hanggang Oktubre 7, sa araw ng ikalawang taon mula nang simulan ng Israel ang mga atake, para lumikas mula sa Gaza City, ang pinakamalaking syudad sa loob ng engklabo. Kasunod nito ay maglulunsad ng malawakang atake ang Zionistang militar sa syudad at iba pang hindi nasasakop na bahagi ng buong Gaza. Diumano, ang plano ay para wakasan ang Hamas, pagtatapos sa gera at "paghahatid ng makataong ayuda" sa mga sibilyan.

Tinawag ng mga grupong Pilipino ang planong ito na "kahindik-hindik." Kinundena rin ng mga grupo sa iba't ibang bansa, internasyunal na mga institusyon at mga mamamayan ang naturang plano.

Mula pa Marso, absolutong ipinagbawal ng Israel ang paghahatid at pamamahagi ng ayuda. Tanging ang tinaguriang "Gaza Humanitarian Foundation (GHF)," na magkatuwang na pinatatakbo ng mga pwersang militar ng US at Israel, ang pinayagan nitong mamahagi ng pagkain. Hindi bababa sa 859 Palestino ang sadyang pinatay ng mga sundalong Israeli habang nakapila sa mga *distribution site* ng GHF. Dagdag sila sa mga napatay habang nag-uunahan sa napakasalat na pagkaing ayuda.



Umabot na sa walang kapantay ang gutom sa Gaza. Umaabot sa 210 Palestino, karamiha'y bata, ang namatay dahil sa gutom. Noong Hulyo lamang, 74 ang namatay dahil sa malnutrisyon, marami nakaratay na, kabilang ang mga batang wala pang limang taong gulang. Dagdag sila sa mahigit 60,000 na direktang pinatay at 150,000 ang nasugatan sa pambobomba at pang-aatake ng Israel sa 22-buwang henosidyo. Kinundena ng napakarami nang bansa ang paggamit ng US at Israel sa pagkain bilang armas sa pagsupil sa mapanlabang diwa ng mga Palestino.

Wala pa ring tigil ang pambobomba at pang-aatake ng Israel sa Gaza Strip. Noong Agosto 10, napatay sa pambobomba ng US-Israel ang mamamahayag na si Anas al-Sharif, kasama ang isa pang korespondent ng Al Jazeera na si Mohammed Qreiqeh at ang kanilang mga *camera operator* na sina Ibrahim Zaher, Mohammed Noufal at Moamen Aliwa.

Lubhang paglabag ito sa ilalim ng internasyunal na makataong batas kung saan itinuturing na protektadong mga indibidwal ang mga mamamahayag sa gitna ng armadong sigalot. Mula 2023, lampas 200 mamamahayag na ang sadyang pinatay ng US-Israel sa Gaza. AB

Lumalakas ang sigaw ng mamamayang Korean kontra sa imperyalismong US

Patuloy ang pagsikad ng malawak na anti-imperyalistang kilusang masa sa South Korea. Pinapanday ng mamamayang Korean ang kanilang pagkakaisa para kamtin ang ganap na demokrasya at pagpapalaya mula sa okupasyon ng US. Ang lumalaking pagkilos na ito ay kasunod ng malawak na protesta noong huling bahagi ng 2024 at unang kwarto ng 2025 laban sa maka-US na papet na pangulo ng bansa. Sa nagdaang mga linggo, nagsagawa ang mga grupo sa South Korea at US ng mga porum, malalaking pagtitipon at mga demonstrasyon para patibayin ang kanilang paninindigan.



Martsa para sa paglaya

Noong Agosto 15, libu-libong South Korean ang nagmartsa sa Seoul, South Korea para igiit ang pagpapalayas sa US at mga base militar nito sa bansa, pagtigil ng mga *war games*, at pagsasamantala nito sa ekonomya. Itinaon ang pagkilos sa ika-80 anibersaryo ng paglaya ng South Korea noong 1945 mula sa pananakop ng imperyalistang Japan. Pinamunuan ang protesta ng Korean Confederation of Trade Unions (KCTU).

Napakalaking banta ng imperyalismong US sa buhay at kapayapaan sa Korean Peninsula, ayon sa KCTU. Batid ng mga Korean ang panganib na dala ng mga US-South Korea *war games* tulad ng Ulchi Freedom Shield 2025, na inilunsad simula Agosto 18 at tatagal hanggang Agosto 28.

Naniniwala ang masang South Korean na ginagamit ang mga *war games* na ito para kaladkarin ang kanilang bayan sa gera ng US laban sa katunggaling imperyalistang China. Liban sa South Korea, daan-daan ring mga *war games* ang inilulunsad ng US sa ibang bahagi ng Asia-Pacific, kabilang sa Pilipinas.

Nagmartsa ang mga grupo patungo sa Ganghwamun, Seoul kung saan nagtalumpati si South Korean President Lee Jae Myung. Malayo pa ay hinarang na sila ng mga pulis.

Binatikos nila ang pangulo sa nakatakda nitong pakikipagpulong kay US President Donald Trump sa darating na Agosto 25. Naniniwala sila na ang pulong ay maghahatid lamang ng higit pang ganansya sa US at kahirapan sa masang South Korean.

Itinutulak ni Trump sa South Korea ang taunang pagbabayad nito ng $10 bilyon para pondohan ang okupasyon ng US mula sa dating $1.13 bilyon sa ilalim ng Special Measures Agreement. Itinutulak din niyang dagdagan ang gastos sa depensa tungong 5% ng *gross domestic product* (GDP) para ipambili ng armas mula sa US sa halagang $87 bilyon. Itinutulak rin ni Trump na sang-ayunan ni Myung ang bagong mga kasunduan hinggil sa pagpapakat ng mga tropa ng US sa South Korea kontra China. Magpapataw rin si Trump ng 25% taripa sa mga produkto ng bansa.

Isang araw bago nito, nagprotesta ang mga grupo sa pinakamalaking dayuhang base militar ng US sa Camp Humphreys sa Pyeongtaek, Gyeonggi.

Sa US, pinangunahan ng Korean na grupong Nodutdol ang mga demonstrasyon sa iba't ibang estado ng US noong Agosto 15-16 para ipanawagan ang pagpapalayas ng US sa Korea.

People's Summit for Korea

Higit 500 delegado mula sa US, South Korea at mga bansa sa Europe ang dumalo sa kauna-unahang "People's Summit for Korea: Towards National Liberation" sa New York City noong Hulyo 25-27. Pinangunahan ng Nodutdol ang aktibidad na nilahukan din ng mga grupong pambansa-demokratikong Pilipino na nakabase sa US tulad ng Bayan-USA.

Ipinatawag ang pagtitipon bilang tugon sa pagtindi ng aktibidad militar ng US sa Korean Peninsula simula nang magsara ang mga negosasyon sa pagitan ng US at North Korea noong 2019. Mula noong 2022, lubhang dumami at tumindi ang mga US-South Korea *war games*. Nagsagawa ang US Forces Korea ng 200 araw ng mga *war games* sa Korea noong 2023, at 275 araw ng mga pagsasanay noong 2024.

Sa loob ng dalawang araw ng programa, ibinahagi ng mga aktibista sa People's Summit ang mga pananaw at aral mula sa mga pakikibaka sa Korean Peninsula para palayasin ang mga base militar ng US, mapayapang wakasan ang Korean War, at itaguyod ang mga demokratikong karapatan. Nagbahagi ang mga aktibistang grupo sa US ng kanilang mga pagsisikap na tutulan ang pagpapalawak ng badyet militar ng US at iba pang patakaran ni Trump. AB